Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG MARSO, 2005, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ........ | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Bryan R. Lateo ........ | Kagawad<br>*Gumanap na Tagapangulo* |
| *Kgg. Jun M. Asinas* | Kagawad |
| Kgg. Rosetion F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Cinaco ........ | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Linjuco* ........ | *Kagawad* |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – SK |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Narciso A. Cayoe ........ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 083-T05

KAPASIYAHANG KINUKUPKOP ANG BATAS-REPUBLIKA BLG. 9266 NA TINAGURIANG "THE ARCHITECTURAL ACT OF 2004".

SAPAGKA'T, muling iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang liham mula sa mga kasapi ng United Architect of the Philippines na nagpapahayag ng tulong at pagsuportang dagliang ipatupad sa bayang ito ang *"The Architectural Act of 2004" na pinagtibay at nilagdaan ng Kgg. Pangulo ng Pilipinas Gloria Macapagal Arroyo sa bisa ng Batas-Republika Blg. 9266;*

SAPAGKA'T, nilalayon ng nasabing batas na makapagbigay sa mga arkitekto ng kakayahang matulungan ang pamahalaang lokal sa pagpapataas ng antas ng kapaligirang pagpaplano at tuloy maipatupad ang mga patakarang nauukol sa paglilingkod na may kinalaman *sa pagpaplano at pagdidisenyo, mga pagawain, pagpapanatili at pagbabagong-tatag ng mga* gusali;

SAPAGKA'T, makapagdaragdag at mahihikayat ang mga mangangalakal at turista na makapaglakbay sa bayang ito tungo sa pagbabahagi sa kabang-yaman ng pamahalaan;

SAPAGKA'T, sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto ng mga kasapi ng sangguniang *ito ay napagtibay ang naturang kahilingan, mula sa isinagawang pagbebeto ng Ehekutibo.*

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Serafin C. San Juan, Jr., na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na kupkupin ang Batas-Republika Blg. 9266 na tinaguriang "The Architectural Act of 2004"

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, mga may kinalaman, lahat sa bayang ito at United Architect of the Philippines, San Pablo Chapter, Lungsod ng San Pablo, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN, kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPAPATOTOO:

KGG. BRYAN R. LATEO
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo